Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Magsisimula ang Paunang Pagboto sa Oktubre 7, 2022!

BRAMPTON, ON (Setyembre 27, 2022) Ang Paunang Pagboto sa 2022 Halalang Pangmunisipyo at ng School Board ng Brampton ay magsisimula sa Biyernes, Oktibre 7. Ang Paunang Pagboto ay idadaos sa loob ng limang araw sa Oktubre.

Ang Paunang Pagboto ay magaganap sa Oktubre 7, 8, 9, 14 at 15, 2022. Ang isang kumpletong talaan ng mga petsa, lokasyon at oras ay ibinigay sa ibaba. Pwede ring gamitin ng mga botante ang interactive tool sa website ng Lungsod upang hanapin ang lokasyon ng Paunang Pagboto na pinakamalapit sa kanilang tinitirhan.

## Mga Lokasyon ng Paunang Pagboto

- **Biyernes, Oktubre 7, 12 pm hanggang 8 pm**
  - Brampton City Hall, 2 Wellington St W
- **Sabado, Oktubre 8 at Linggo, Oktubre 9, 10 am hanggang 5 pm**
  - Brampton City Hall, 2 Wellington St W
  - Cassie Campbell Community Centre, 1050 Sandalwood Pkwy W
  - Gore Meadows Community Centre, 10150 The Gore Rd
- **Biyernes, Oktubre 14, 12 pm to 8 pm, at Sabado, Oktubre 15, 10 am hanggang 5 pm**
  - Brampton City Hall, 2 Wellington St W
  - Cassie Campbell Community Centre, 1050 Sandalwood Pkwy W
  - Century Gardens Recreation Centre, 340 Vodden St E
  - Earnscliffe Recreation Centre, 44 Eastbourne Dr
  - Gore Meadows Community Centre, 10150 The Gore Rd
  - Greenbriar Recreation Centre, 1100 Central Park Dr
  - Jim Archdekin Recreation Centre, 292 Conestoga Dr
  - Save Max Sports Centre, 1495 Sandalwood Pkwy E
  - St. Jacinta Marto Catholic Elementary School, 40 Fallowfield Rd
  - Susan Fennell Sportsplex, 500 Ray Lawson Blvd

Ang ilan sa mga petsa ng Paunang Pagboto ay magaganap sa weekend ng Thanksgiving para gawing mas kumbinyente para sa lahat ng botante na bumoto, kabilang ang mga kwalipikadong estudyante na maaaring nasa pamamahay para sa mahabang weekend.

## Tungkol sa mga Highlight

- Para makaboto, magdala ng isang piraso ng ID na nagpapakita ng iyong pangalan AT address sa Brampton, at ang Voter Notice na inyong natanggap sa pamamagitan ng Canada Post mail, sa alinman sa mga lokasyon ng Paunang Pagboto.

- Kung hindi kayo nakatanggap ng Voter Notice, maaaring wala ka sa Talaan ng mga Botante, ngunit maaaring maidagdag sa lokasyon ng pagboto. Kailangang magdala kayo ng hinihinging ID.
- Kung hiniling ninyo na maidagdag sa Talaan ng mga Botante o i-update ang iyong impormasyon online, kailangang magdala ka ng isang piraso ng ID sa lokasyon ng pagboto.
- Ang lahat ng lokayon ng Paunang Pagboto ay magkakaroon ng naaakses na unit ng pagboto na pwedeng gamitin.
- Kung hindi ka makakapunta sa lokasyon ng Paunang Pagboto o sa Araw ng Pagboto, alamin ang iba pa tungkol sa pagboto ng proxy.
- Ang Araw ng Pagboto ay sa Lunes, Oktubre 24. Sa taon na ito, ang Diwali at Bandi Chhor Diwas ay matataon din sa Lunes, Oktubre 24.
- Sa Oktubre 24, pwede kang bumoto sa alinmang lokasyon sa loob ng inyong ward. Makikita mo ang talaan ng mga lokasyon sa website ng Lungsod.
- Tingnan ang seksyon ng FAQ sa website ng Lungsod para sa anumang mga tanong kaugnay ng pagboto.

**Quote**

“Ang pagboto ay nagbibigay ng mahalagang pagkakataon para makatulong na hubugin ang ating lungsod at ang ating kinabukasan, at hinihikayat namin ang lahat ng kwalipikadong botante na bumoto sa 2022 Halalang Pangmunisipyo at ng School Board ng Brampton. Sa taon na ito, ang Araw ng Pagboto, Diwali at Bandi Chhor Diwas ay matataon sa kaparehong araw. Hinihikayat ng Lungsod ang lahat ng botante na gustong bumoto nang maaga na samantalahin ang mga pagkakataon ng maagang pagboto, alinman ang pinaka-kumbinyente para sa kanila. Makilahok at tumulong sa paghubog ng inyong lungsod!"

- *Peter Fay, City Clerk at Returning Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca